

PAGBABAGO SA PANGANGALAGA NG MGA KARAPATAN NG MAG-AARAL 2019-20 TAUNANG ABISO NG MGA KARAPATAN

Ang Pagbabago sa Pangangalaga ng mga Karapatan ng Mag-aaral (PPRA) ay isang batas pederal na nagbibigay sa mga magulang/ mga tagapag-alaga ng mga bata na nasa elementarya at sekundarya ng ilang mga karapatan tungkol sa pangungulekta ng datos para sa pagsisiyasat, pagkalakal, at ilang pisikal na pagsusuri. Ang Lupon ng Paaralan ay nagpatibay ng Patakaran ng Lupon No. 3232 na nagdedetalye ng mga karapatan at mga pananagutan ng PPRA. Ito ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, karapatan na:

- *Magpahintulot bago magsumite sa isang pagsisiyasat na nauukol sa isa o marami pa sa mga sumusunod na pinangangalagaang paksa ("pagsisiyasat ng pinangangalagaang impormasyon") kung ang pagsisiyasat ay pinodohan ng buo o bahagi ng isang programa ng Kagawaran ng Edukasyon (ED) ng U.S. –*
 1. Ugnayan sa politika o mga paniniwala ng mag-aaral o magulang ng mag-aaral;
 2. Pangkaisipan o pangsikolohikal na suliranin ng mag-aaral o pamilya ng mag-aaral ;
 3. Pag-uugali o saloobin sa seks;
 4. Labag sa batas, laban sa panlipunan, pagdawit sa sarili, o nakakainsulto na pag-uugali ;
 5. Pintasan ang ibang tao na kung saan may malapit na kaugnayan sa pamilya ang sumasagot;
 6. Ayon sa batas na kinikilalang pribilehiyong mga relasyon, katulad ng mga abogado, mga maggagamot, o mga ministro
 7. Mga nakagawian sa relihiyon, mga ugnayan, o mga paniniwala ng mag-aaral o magulang ng mag-aaral; o
 8. Kita, maliban sa ipinag-uutos ng batas para malaman ang pagiging karapat-dapat sa programa.
- *Makatanggap ng abiso at ng pagkakataon na hindi sumali ang mag-aral sa –*
 1. Anumang iba pang pagsisiyasat ng pinangangalagaang impormasyon, anumang ang pondo;
 2. Anumang hindi emerhensiyang, mapanghimasok na pisikal na eksaminasyon o pagsusuri na hinihiling bilang isang kondisyon ng pagpasok, na pinangangasiwaan ng paaralan o ng kanilang ahente, at hindi kailangan na protektahan ang agarang kalusugan at kaligtasan ng mag-aaral, maliban sa pagdinig, paningin, o pagsusuri ng scoliosis, o anumang pisikal na eksaminasyon o pagsusuri na pinapayagan o ipinag-uutos sa ilalim ng batas ng Estado; at
 3. Mga gawain na kinasasangkutan ng pangungulekta, pagpapahayag, o paggamit ng pansariling impormasyon na kinolekta mula sa mga mag-aaral para sa pagkalakal o magbenta o kaya ay magpamahagi ng impormasyon sa iba. (Hindi ito ginagamit sa pangungulekta, pagpapahayag, o paggamit ng pansariling impormasyon na kinolekta mula sa mga mag-aaral para sa eksklusibong layunin na makagawa, magtasa, o magbigay ng pang-edukasyon na mga produkto o serbisyo para, o sa mga mag-aaral o mga institusyon ng edukasyon.)
- *Magsiyasat, sa kahinilingan at bago magbigay o gumamit –*
 1. Mga pagsisiyasat ng pinangangalagaang impormasyon ng mga mag-aaral at mga pagsisiyasat na ginawa ng ika-tatlong partido;
 2. Mga kasangkapan na ginamit para sa pagkulekta ng pansariling impormasyon mula sa mga mag-aaral para sa anumang sa itaas na pagkalakal, pagbebenta, o iba pang pamamahagi na layunin; at
 3. Mga kagamitan sa pagtuturo na ginamit bilang bahagi ng kurikulum ng edukasyon.

Ang mga karapatang ito ay isinalin mula sa mga magulang/mga tagapag-alaga sa isang mag-aaral na may 18 taong gulang o pinalayang menor de edad sa ilalim ng batas ng Estado.

Ang mga magulang/mga tagapag-alaga na naniniwala na ang kanilang mga karapatan ay nilabag ay maaaring magsampa ng reklamo sa: Opisina ng Pagsunod sa Patakaran sa Pamilya, U.S. Kagawaran ng Edukasyon, 400 Maryland Avenue SW, Washington, D.C. 20202

Ang mga inaasahang pagsisikap ng koleksyon ng datos ay makikita sa ibaba.

MGA PAGSISIYASAT NA PINONDOHAN NG KAGAWARAN NG EDUKASYON (Aktibong pahintulot):

- Walang mga pagsisiyasat na pinodohan ng ED na nagsusuri sa mga pinangangalagaang bagay na inaasahan para sa taong pasok 2019-20.

IBA PANG PAGSISIYASAT (karapatan na di-sumali)

- **Tingnan ang Sarili** – Ang pamimili ay sinusupportahan ng King County na nagbibigay ng madaliang pansariling puna tungkol sa mga pag-uugali sa kalusugan. Ang mga katanungan ay itatanong tungkol sa mga lakas, mga suporta, mga layunin, paggamit ng droga, pangkaisipang kalusugan, trauma, at kaligtasan. Ibibigay sa lahat ng nasa ika-7 grado na mag-aaral sa taglagas/taglamig at mga piniling mag-aaral sa buong taon ng pasok.
- **Pagsisiyasat sa Panganib na Pag-uugali ng Kabataan** – Ito ay isang pambansang pagsisiyasat na tinutulungan ng Mga Sentro para sa Kontrol at Pag-iwas ng Sakit at ibibigay tuwing ika-dalawang taon ng pasok. Ang pagsisiyasat ay nagtatanong sa mga hayskul na mag-aaral tungkol sa mga pag-uugali sa kalusugan kabilang ang pangkaisipang kalusugan, kaligtasan, pag-uugali na sekswal, paggamit ng droga, pisikal na gawain, at pagkain. Ang pagsisiyasat ay gaganapin sa taon ng pasok 2020-21.
- **Pagsisiyasat ng Mag-aaral sa Klima ng Paaralan** – Ang taunang pagsisiyasat ng distrito na humihingi sa mga mag-aaral tungkol sa klima at kultura, pati na rin ang kalidad ng pagtuturo. Ito ay hindi pagsisiyasat ng pinangangalagaang impormasyon: walang mga katanungan ang itatanong sa mga pinangangalagaang bagay na nakalista sa itaas. Lahat ng mga kasagutan ay walang makikilala. Ibibigay sa tagsibol sa lahat ng nasa ika-3 - ika-12 grado na mag-aaral.
- **Mga katanungan sa mga Lakas at Paghihirap** – Ang SDQ ay isang maikling na panlipunan at emosyonal na pagtatanong na ginagamit ng mga nars ng paaralan bilang kasangkapan para itaguyod ang tagumpay sa akademiko at mabawasan ang mga hadlang sa pag-aaral. Ang mga katanungan ay itinatanong tungkol sa pangkaisipan/sikolohikal na usap-usapan pati na rin ang ipinagbabawal na pag-uugali. Ang SDQ ay ibibigay sa taglagas/taglamig sa nasa ika-6 at ika-9 na grado na mag-aaral na dumadalo sa mga paaralan na tinutulungan ng buwis ng FEPP.